
# Ano ang mangyari habang sinusuri ang suso?




## Hakbang 1

Ang taong magsusuri ng suso ay kukunin ka mula sa waiting room at dadalhin ka sa breast screening room. Ipapaliwanag nila ang proseso at sasagutin ang anumang mga katanungan mo.




## Hakbang 2

Kung handa ka na, hihilingin ng teknisyan (radiographer) na mag-alis ka ng blusa at bra at isa -isang ilagay ang iyong mga suso sa pinakamababang plato ng makinang pangsuri ng suso. Sasabihin sa iyo kung paano ginagawa ito.



## Hakbang 3

Iipitin ng radiographer ang bawat susong ilalagay sa pagitan ng pinakamataas at pinakamababang plato ng makina upang ang mga imaheng malitrato ay klaro. Maaari hindi komportable ang pagkaipit ng suso, ngunit hindi dapat ito masakit. Kung masakit, maaari mong sabihin na ihinto ang pagsuri ng suso.



## Hakbang 4

Ang makina ay kukuha ng hindi kukulang sa 2 litrato sa bawat suso – isa mula sa taas at isa mula sa gilid. Itong mga litrato ay titingnan ng hindi kukulang sa 2 doktor na nasanay sa pagsuri ng mga kanser sa suso. Ang iyong mga resulta ay matatapos sa loob ng 2 hanggang 4 na linggo. Kung may makikitang kanser, ang iyong GP o isang pang-espesyalistang klinika sa suso ay makakausap mo tungkol sa mga opsyon sa pagkakagamot.

Australian Government

BreastScreen AUSTRALIA

A joint Australian, State and Territory Government Program

www.health.gov.au/bsa